# DAGLING LUNAS

MAKABAYANG SAMAHANG PANGKALUSUGAN - NATIONAL DEMOCRATIC FRONT OF THE PHILIPPINES (MSP-NDFP)
BULLETIN BILANG 1 | 2025



Larawan mula kay Matt Florence, Medium

## PAHAYAG NG MAKABAYANG SAMAHANG PANGKALUSUGAN (MSP) SA IKA-56 NA ANIBERSARYO NG BAGONG HUKBONG BAYAN (BHB)

**Punung-puno ng rebolusyonaryong pagmamalaki** na binabati ng Makabayang Samahang Pangkalusugan (MSP) ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa ika-56 na taong anibersaryo ng kanyang pagkakatatag.

Sumasaludo ang MSP sa maningning na 56 na taon ng BHB mula sa 60 rebolusyonaryong mandirigma na naaarmasan lamang ng 9 na ripleng *automatic* at 26 na mahihinang armas sa ikalawang distrito sa probinsya ng Tarlac. Nagtagumpay ang rebolusyonaryong kilusan sa pagpapaunlad ng mga pwersa mula sa iskwad at platun tungo sa mas malakas na pormasyon at pagtatatag ng mga larangang gerilya sa buong bansa.

Nanatiling matatag at pinangingibabawan ng BHB ang malalaking balakid, kahirapan, at mga kahinaan sa paglulunsad ng digmang bayan sa kabila ng napakabangis na pasistang atake ng mga US-papet na rehimen. Kahit pa taun-taon ay mayabang na nagdedeklara ang estado ng pagkalipol ng rebolusyonaryong kilusang, nagpapatuloy at nagpapalakas ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa matatag na paninindigan ng BHB at sa mainit na paglahok ng mamamayan sa rebolusyonaryong kilusang masa.


> Matapang at masikhay na pinangunahan ng BHB ang pagsusulong ng pangunahing anyo ng pagsusulong ng Demokratikong Rebolusyong Bayan sa Pilipinas – ang armadong pakikibaka na siyang magpapabagsak sa imperyalismong US, sa mga naghaharing uring burgesya-komprador at panginoong maylupa.

Malinaw na malinaw sa mga kasapi ng MSP na sa ilalim ng bulok na paghahari ay lalong nalulugmok ang sambayanang Pilipino sa matinding kahirapan, pang-aapi, at pagsasamantala kung kaya't mainit na iniaalay ng MSP ang buong talino at lakas nito para sa tagumpay ng pambansa-demokratikong rebolusyon tungo sa sosyalismo.

Matalas na nauunawaan ng MSP na ang lumalalang kalagayan ng kalusugan ng mamamayan ay dahil sa pag-iral ng bulok na sistemang pangkalusugan na resulta ng mala-kolonyal at mala-pyudal na sistema ng lipunan. Nakahanda ang MSP sa paglahok sa armadong pakikibaka na tanging makakapagbagsak ng bulok na sistema ng lipunan. Lubos na isinasanib ng MSP ang pagtupad ng kanyang pangunahing tungkulin sa rebolusyonaryong gawaing pangkalusugan upang palakasin at tugunan ang mga pangangailangan ng armadong pakikibaka. Mahigpit na tutupdin ng MSP ang panawagan para sa integrasyon, *tour-of-duty*, at maramihang pagpapasampa sa BHB.

Muli nagpupugay ang MSP sa hindi magmamaliw at matatag na diwang rebolusyonaryo ng BHB.

**Mabuhay ang ika-56 na anibersaryo ng BHB! MSP, sumapi sa BHB!**




DISYEMBRE 6, 2024

# PABATID SA IKA-46 NA PAGDIRIWANG NG ANIBERSARYO NG MAKABAYANG SAMAHANG PANGKALUSUGAN (MSP)

**Ngayong araw na ito,** ang mga lider at kasapi ng iba't ibang balangay ng Makabayang Samahang Pangkalusugan (MSP), ang lihim na rebolusyonaryong organisasyon ng sektor pangkalusugan at aktibong kasapi ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ay buong pagmamalaking nagdiriwang sa ika-46 na anibersaryo ng MSP.

Sa ating ispesyal na pagtitipon, tayong mga kasapi ng MSP ay nagtitibay sa ating rebolusyonaryong paninindigan na ialay ang ating lakas, talino, at oras upang makamit ang tagumpay ng pambansa-demokratikong rebolusyon, tungo sa sosyalismo. Buong tatag kaming naninindigan para sa pagpapalawak at pagpapatibay ng MSP bilang rebolusyonaryong organisasyon ng sektor pangkalusugan.

Ipinagmamalaki namin ang mga kasapi ng MSP na lumahok sa armadong pakikibaka at tumupad sa rebolusyonaryong gawaing pangkalusugan; sa malakas na determinasyon ng mga rebolusyonaryong manggagawang pangkalusugan na matatag na nakikibaka para sa kanilang pang-ekonomiyang karapatan, paglaban sa pananalakay ng mga neo-liberal na patakaran tulad ng pribatisasyon at liberalisasyon habang pinamumunuan nila ang libu-libong manggagawang pangkalusugan sa landas ng armadong rebolusyon bilang tanging solusyon upang lutasin ang pangkalusugang paghihirap ng mamamayan; at ipinagbubunyi namin ang mga propagandistang kasapi ng MSP mula sa hanay ng mga istudyanteng pangkalusugan na buong determinasyong naglalantad sa batayang suliranin ng lipunang Pilipino, naglilinaw sa pangangailangang paglingkuran ang sambayanan at lumahok sa armadong rebolusyon. Higit sa lahat, nagbibigay-pugay kami sa mga rebolusyonaryong martir ng sektor pangkalusugan – sila Bobby dela Paz, Johny Escandor, Lou Tanco, at marami pang iba na nag-alay ng kanilang buhay para sa sambayanan at sa rebolusyon.

Matatag naming pinanghahawakan ang mga tungkulin ng MSP na pukawin, i-organisa at pakilusin ang sektor pangkalusugan – ang libu-libong duktor, nars, *allied health professionals*, manggagawang pangkalusugan, at mga istudyanteng pangkalusugan kasama ng lahat ng mga rebolusyonaryong uri at sektor upang pabagsakin ang imperyalismo, burukrata-kapitalismo at piyudalismo at mga tiranya ng uring panginoong maylupa, malaking burgesya-komprador at imperyalismong US.

Nagkakaisa kami na ang pinakakagyat na pampulitikang tungkulin sa kasalukuyan ay ang pagpapakilos sa sektor pangkalusugan at ang malawak na masang Pilipino upang ilantad at itakwil ang rehimeng US-Marcos, hubaran ang bumabangis na ribalang Marcos-Duterte bilang patunay ng krisis at hindi mapagkakasundong paksyunal na tunggalian sa hanay ng naghaharing uri. Kapwa si Marcos Jr. at ang mga Duterte ay dapat managot sa lahat ng kanilang krimen laban sa sambayanang Pilipino.

Nanawagan kami sa sektor pangkalusugan at sa sambayanang Pilipino na aktibong lumahok sa mga kampanya at kilusan para sa impeachment ng bise-presidenteng si Sara Duterte; at sa International Criminal Court, na arestuhin si Rodrigo Duterte; at patalsikin ang rehimeng US-Marcos.

Ngayon higit kailanman ay determinado kaming pamunuan ang lumalaking kabiguan at galit ng masang Pilipino laban sa hindi masawatang korupsyon, kawalang-kakayahan at kapabayaan, mga paglabag sa karapatang pantao, sa lumalalang krisis pang-ekonomiya at iba pang mahahalagang isyu tungo sa landas ng rebolusyon.

Ang lahat ng ito ay muling pinagtitibay namin na paninindigan sa okasyon ng ika-46 na anibersaryo ng MSP.

# RALING-IGLAP PARA SA ANIBERSARYO NG NDFP, NILAHUKAN NG MSP

Upang ipagdiwang ang ika-52 anibersaryo ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at ipadama sa masang maralita ang nagpapatuloy na lagablab ng demokratikong rebolusyon ng bayan, nakiisa ang Makabayang Samahang Pangkalusugan (MSP) sa isang raling-iglap (*lightning rally*) kasama ang iba't ibang rebolusyonaryong organisasyon. Tagumpay itong naisagawa sa isang mataong kalsada sa Divisoria, Maynila noong Abril 29, 2025.

Ang raling-iglap ay pana-panahong isinasagawa ng mga kasapi ng mga rebolusyonaryong organisasyon upang ipakita na rebolusyon ang tanging solusyon sa umiigting na krisis na nakaugat sa kawalan ng lupa at pananamantala ng imperyalistang dayuhan at burgesya-komprador.

Sa natatanging araw na ito, higit nating pinaigting ang panawagan na palakasin ang armadong pakikibaka, sumapi sa Bagong Hukbong Bayan (BHB), at ipagtagumpay ang demokratikong rebolusyon ng bayan na may sosyalistang perspektiba.




Larawan mula sa Bulatlat

Ang **DAGLING *LUNAS*** ay ang opisyal na bulletin ng Makabayang Samahang Pangkalusugan. Laman nito ang mga ulat at mabilisang impormasyon at mga balita ukol sa MSP at rebolusyong Pilipino.

**Facebook** /MakabayangSamahangPangkalusugan
**Instagram** @MakabayangSamahangPangkalusugan